# BAGUHIN ANG LANDAS NA TATAHAKIN

*by:*
**JOEY R. CABRERA**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

Habang nabubuhay tayo, may mga karapatan tayo na gawin ang mga bagay na gusto natin, isa sa mga ito ay maglibang o magsaya. Lahat tayo ay nagnanais ng solusyon sa sugat na tinamo ng kahapon, ngunit hindi sa maling paraan tulad ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot , gamot na maaaring makatulong sa iyo. Pero kung ating pakaiisipin maganda ba ito! O ito na ang magiging dahilan ng pagkawasak ng iyong pangarap maging nang iyong pamilya. Mag-isip ka, di ka ba nag-aalinlangan sa maaaring maging bunga ng pagkalulong mo dito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maraming mga indibidwal sa ating lipunan ang naging sugapa sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Bilang karagdagan sa ating bansa, ito ay laganap sa buong mundo. Matagal na itong problema na hindi masugpo-sugpo. Ang mga kaliwat kanang krimen ay nangyayari dahil ang mga taong lulong na sa paggamit nito ay gumagawa nito. Hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa at nawawala sa katinuan. Maraming pamilya ang nawawasak dahil may mga magulang na nalulong din sa paggamit nito at nakakalimutan na ang kanilang responsabilidad para sa mga anak. Minsan nga pati mga anak ay gumagamit na rin kaya ang kakulangan sa pag-aaruga ng magulang ay napapabarkada sila sa maling mga barkada, bunga nito problema sa pamilya at lipunan. Humihinto sila sa pag-aaral, naliligaw ng landas, maagang pag-aasawa, dumadagdag sa problema na kinakaharap ng ating pamahalaan. Hindi nagpapabaya ang ating gobyerno na sugpuin at hulihin ang mga taong nasa likod nito. May mga pamamaraan sila ibinibigay at ginagawa sa mga taong nalulong o gumamit. May rehabilitasyon silang ginagawa upang makaiwas na ang mga indibidwal. Binibigyan sila nang pagkakakitaan,nagkakaroon ng mga seminars, ipinapasok sa mga paaralan

upang maipagpatuloy ang naudlot at matupad ang kanilang mga pangarap, mabago ang kanilang mga sarili. Huwag na tayong maniwala na ang paggamit nito ay tama, nakakapawi ng pagod at makakabuti sa ating kalusugan o nakakagamot sa karamdaman

Ang paggamot sa sugat na tinamo kahapon ay karaniwang hindi nangangailangan ng paggamit ng bawal na gamot. Maraming paraan na pwedeng gawin at pagkaabalahan tayo. Ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot ay walang positibong epekto sa isang tao. Kaya, dahil bawal, huwag nating gamitin; sa halip, ituon natin ang ating atensyon sa tamang landas na magdadala sa atin sa isang positibong kapupuntahan. Ang gabay at proteksyon ng Diyos ay mahalaga upang hindi tayo maligaw. Upang maiwasan ang mga maling gawain mula sa atin, inilaan natin ang maraming oras at panahon upang purihin at sambahin siya.

*References:*

https://tl.wikipedia.org/wiki/Pagkalulong_sa_bawal_na_gamot

https://catherineaban.wordpress.com/2016/08/02/ano-nga-bang-mabisang-solusyon-laban-sa-droga/

https://princessjanineblog.wordpress.com/2018/12/10/ang-droga-ay-hindi-solusyon-sa-mga-suliranin/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan